Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center

بطريركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطريرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt
Tel: 024822580 Fax: 0235365880 email: office@popetawadros.org
222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر
تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Filipino

Sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espirito Santo. Amen.

Si Christo ay muling nabuhay, siya nga ay talagang nabuhay.

Binabati ko kayo mga minamahal ng maluwalhating kapistahan ng muling pagkabuhay ni Hesus. Ang pista ng muling pagkabuhay ay ang pinakatuktok ng mga kapistahan at ang pinakamaligaya sa lahat. Binabati ko kayong lahat sa buong mundo. Binabati ko ang lahat na mga Metropolit, mga Obispo mga Punongpari, at mga Pari Monghe, diakono at lahat na Presbitero miembro ng Lupon ng Iglesia sa lahat ng diyosesis. Ang lahat ng mga tao, mga kabataan at boluntaryong manggagawa sa simbahan. At ang mga pamilya at kabataan. Binabati ko kayo sa maluwalhating pista ng pagkabuhay na matatawag natin sa tatlong pangalan:

Ito ay tinatawag natin na: Pista ng Paskwa, na ang ibig sabihin ay paglampas ng kadiliman tungo sa liwanag. Ito ang gabi bago ang muling pagkabuhay, ang gabi ng pagpapahayag kung saan papasok tayo sa madilim na simbahan at lalabas tayo sa simbahan sa maliwanag sa umaga ng masayang Sabado Santo. Ito ay tinatawag rin na Pista ng Pagkabuhay o Ester. Na galing sa salitang "East" Ito "pista ng silangan" na nagpapahiwatig ng liwanag. Ang pangatlong pangalan ay ang Pista ng Linggo o "Sunday Feast". Ang salitang "Sunday" ay nagmula sa salitang "sun"na ang ibig sabihin ay "araw". Ito ay ang araw ng ilaw, Pista ng Liwanag

Maraming pangyayari ang naganap sa Semana Santa at sa Pista ng Pagkabuhay. Matatagpuan natin ang ibat ibang kaugalian. Ang muling pagkabuhay ay ang pinakamalaking pangyayari sa kasaysayan ng tao na nagbibigay ng pag-asa. Ang pangyayaring ito ay nagpapahayag din ng dalawang klase ng tao, ang isa ay ang klase ng tao na nagdudulot ng sakit at ang isa ay ang klase ng tao na nagdudulot ng pag-asa. Sa salitang Arabik ang salitang "sakit" at "pag-asa" ay may parehong letra ngunit magkaiba lang ang ayos. May mga taong dahilan ng sakit sa buhay ng ibang tao, at may mga tao nagbibigay ng pag-asa. Ngunit ang muling pagkabuhay ay ang pinakamahalagang kaganapan sa mundo. na nagbibigay ng pag-asa sa mga kaluluwa ng tao Banggitin natin ang iba't ibang halimbawa.

Kung basahin natin ang Bagong Tipan, ay mababasa natin si Haring Herodes. Siya ay naging dahilan ng "sakit sa puso ng mga tao sa kanyang pagpapapatay ng mga walang malay na mga bata sa Bethlehem Sa mga batang mas bata pa sa dalawang taon.. Binalak din niyang patayin ang batang Jesus. Siya ay naging dahilan ng sakit kalungkutan at pighati ng mga tao dahil sa pag-utos niya na patayin ang napakaraming mga bata. May iba pang halimbawa ng mga tao na dahilan ng sakit . Ito ay ang pagpako ng mga Hudeo kay Hesus sa krus. Ang ginawang pagpako nila kay Hesus sa Krus ay matinding pisikal, sikolohikal at imosyonal na sakit. Kalakip na nito ang sakit mismo ng pako, ng mga tinik na korona at ang bigat ng krus. Ang sigaw ng mga taong naroon at ang puot, pag-insulto

at masamang salita laban sa Panginoong Hesu Cristo ay isang napakasakit din na ginawa ng mga Hudeo sa kanya na humantong sa kanyang kamatayan sa Krus Si Hudas na traidor ay isang halimbawa din ng nagbigay ng sakit . Sya ay pinili na disipolo at namuhay kasama si Hesus at ng mga disipolo. Nakita nya ang mga mirakulo at narinig niya ang mga turo ni Hesus. Ngunit ang kanyang kasakiman sa salapi ay nagtulak sa kanya na ipagpalit si Hesus sa salapi. Itong pangyayari na ito ay nagtapos sa kanyang pagbibigti. Ang lahat ng ito ay mga halimbawa ng pagpapasakit ng ibang tao. May maraming halimbawa ng dahilan ng kadiliman sa kasaysayan ng tao sa pag-iisip o kadiliman ng puso. Ang iba ay dahilan ng kabiguan sa buhay ng ibang tao. Ginagamit nila ang pagpapalaganap ng takot, nang kasakiman ng pera na nagreresulta sa karahasan at giyera Ang iba ay dahilan ng sakit dahil sa tigas ng ulo, Sa rebelyon at pagka-agresibo, sa paghahasik ng walang katotohanan na inpormasyon at pagsisira ng ibang tao. Ang lahat ng ito ay nagdudulot ng sakit, dahil wala si Hesus sa kanilang buhay

May ibang klase din naman ang tao. Ito ang mga tao na nagbibigay pag-asa sa kapwa. Ang Pista ng Pagkabuhay ay panahon ng pagbibigay ng pag-asa. Ito ang basihan ng pagkatayo ng Kristianismo. Ang Kristianismo na nakabatay sa pagkabuhay ni Hesus. Dahil "walang kaligtasan kung wala si Christo" (Mga Gawa 4:12 Tingnan nyo si Maria Magdalena na isang lubhang malungkot, hinananap niya si Christo at hindi niya natagpuan. Nang nakita niya si Hesus narinig niya sa kanyang boses, ito ay nagbigay sa kanya ng pag-asa. Siya ay naging Santa Maria Magdalena. Ipinalaganap niya ang magandang balita ng pagkabuhay ni Hesus sa mga disipolo.
Maging sa dalawang disipolo patungong Emmaus Sila ay malungkot na naglalakad malapit sa Jerusalem. Nang si Hesus ay lumapit sa kanila at nakipaglakad kasama nila . ang sabi nya, "kayong mga kulang sa paniniwala (Lukas 24:25.). Ibinalik ni Hesus ang lakas ng loob nila at pag-asa
Tingnan niyo ang ibang mga disipolo na takot at nalilito na nandoon sa silid sa itaas matapos na namatay at nabuhay muli si Hesus. Habang sila ay takot at nalulupaypay ang pag-asa, nagpakita si Hesus sa kanila, ayon Juan sa Biblia: "Ang mga disipolo ay natuwa nang makita nila si Hesus."(John 20:20) Nagkaroon sila ng pag-asa.

Mga minamahal ko, pwede kayong pumili kung anong grupo kayo. Sa grupo ba kayo ng mag tao na dahilan ng sakit sa kapwa o sa grupo ng mga tao na nagbibigay ng pag-asa. Pwede kayong magpunla ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mapaghikayat na mga salita, Pagbabahagi ng optimismos sa buhay at may pag-asa at kapayapaan. o maging ikaw ay magpatawad, ikaw ay nagbibigay ng pag-asa. Kung ikaw ay ngumiti ikaw ay nagbibigay pag-asa. Kung ang buhay mo sa araw araw ay maayos, ikaw ay nagbibigay ng pag-asa.

Mga minamahal binabati ko kayo sa Pista ng muling pagkabuhay. Binabati ko ang buong simbahan sa mundong ito. Binabati ko ang lahat ng iglesia ng koptic orthodox sa Ehipto at sa buong mundo. Sa USA, sa Kanada, sa Latino Amerika, sa Europa, sa Afrika, sa Asya sa Jerusalem at sa Australia. Sa minamahal kong mga miembro at kaibigan sa buong mundo, mainit na pagbati sa inyong lahat nawa'y ang pistang ito ay maghahari sa inyong puso. Binabati ko kayo galing sa Ehipto. Ang bansang ito ay mahal ng Panginoong Jesu Kristo, dito siya tumira siya ng maraming taon kasama ng ating ina na si Santa Maria at Jose na isang karpentero. Binabati ko kayong lahat at nagdadalangin para sa inyong kabutihan, pag-ibig at kapayapaan.

At tayo'y magkakaisa sa pagbati ng maligayang muling pagkabuhay.
Si Christo ay muling nabuhay, siya nga ay talagang nabuhay

Ramadras II